HOLY TRINITY COLLEGE OF GENERAL SANTOS CITY
RESEARCH AND PUBLICATION CENTER
KAALAM: A MULTIDISCIPLINARY JOURNAL

# PAGLALAYAG NG MGA GURO SA LIKOD NG PROJECT FLALOK

Rolando M. Valdez Jr.

*Student, Graduate School,*
*Holy Trinity College of General Santos City, Philippines*

## ABSTRACT

Nilayon ng deskriptibong pag-aaral na ito na ilahad ang karanasan ng sampung guro mula Grade 1 hanggang Grade 3 sa paggamit ng Flalok Big Books sa pagtuturo ng MTB-MLE. Ginamit ang phenomenological qualitative study upang suriin ang kanilang mga karanasan. Lumabas sa pag-aaral ang mga positibong karanasan tulad ng pagpapanatili ng interaktibong talakayan, mas pinadali ang pag-unawa sa mga konteksto, at negatibong karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books ito ay ang pagtugon sa mga hamon sa wika. Ngunit napag-alaman ding nahirapan ang mga guro at mag-aaral sa tamang pagbigkas ng wika. Ang mga guro ay nagkaroon din ng positibo at negatibong epekto sa kanilang karanasan sa pagpapatupad ng kurikulum. Ang paggamit ng Flalok Big Books ay nagbigay ng mga pagkakataon sa guro upang mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, kinilala rin nila ang mga limitasyon ng aklat, tulad ng mga aspekto ng wika na pagkakaiba-iba nito sa gamit ng bawat komunidad ng Blaan. Inirerekomenda ng pag-aaral ang pagpapalimbag ng mas marami pang kuwento na naaayon sa bagong kurikulum. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagsusulong ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng mga aklat at kuwento na naaayon sa wika at kultura ng mga mag-aaral.

## PANIMULA

Ang mga katutubong pangkat tulad ng mga Blaan ay may napakayaman at malalim na kultura na naglalaman ng kanilang mga paniniwala, tradisyon, sining, at iba pang kaalaman na naituro mula sa mga naunang henerasyon. Gayunpaman, sa harap ng modernisasyon at iba't ibang puwersang pandaigdig, ang kulturang ito ay nanganganib na mabura at malimutan.

Sa paglipas ng maraming taon, ipanapasa ng mga Blaan ang kanilang kaalaman at kultura mula sa isang henerasyon patungo sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng Flalok- isang sagradong pagkukuwento sa pamamagitan ng naratibo at pag-awit ng *tribal elders* sa kabataan.

Ang pamamaraang ito ay hindi nailathala o naisulat kaya nangangamba ang tribu ng mga Blaan na baka ang pamamaraang ito ay mabura sa paglipas ng maraming taon. Kaya naman, sa pangunguna ng Kafye Blaan Empowerment, Inc. at ang pangunahing may-akda nito na si Annalie Edda noong Enero 2014, nagtagpo si Annalie Edday sa Galing Foundation, Inc. Board at ibinahagi ang pangarap para sa KafyeBlaan

Empowerment, Inc. at ang Blaan Academy of the Philippines. Bilang isang relasyong bagong organisasyon, nagsagawa si Ann ng hakbang na makianib sa Conrado and Ladislawa Alcantara Foundation, Inc. (CLAFI) bilang *sponsor* para sa proyekto ng Flalok at maging proponent ng proyekto para sa Philippine-American Fund (USAID Program) sa pamamagitan ng Gerry Roxas Foundation at bilang tagapagpatupad ng proyekto (Arjho, 2020).

Ayon sa kasalukuyang pangulo ng Sarangani Indigenous Peoples Professionals Association at myembro ng Indigenous People Political Structure at Provincial Tribal Counsel ng Sarangani na si Dr. Romeo L. Martin, nagkaroon ng isyu sa pagpapatupad ng project Flalok Big Books dahil sa pagkakaroon ng varyasyon ng wikang Blaan. Sa kaniyang pahayag hindi nasali ang karatig na bayan at probinsiya sa pagsulat ng Flalok Big Books. Dagdag pa rito, ang mga gurong nagtuturo ng MTB-MLE ay hindi bihasa sa iba't ibang varyasyon ng wikang Blaan. Kaya naman, isa itong hamon para sa mga gurong Blaan sa kanilang pagtuturo at pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral.

Gayunpaman, malaki ang tulong ng Flalok project lalong-lalo na sa pagtuturo ng mga guro sa MTB-MLE dahil ginagamit nila itong lunsaran. Maraming mga gurong Blaan ang natutuwa sa pagpapalimbag ng mga Flalok Big Books. Dahil sa ang mga Flalok na karaniwan lang nilang napapakinggan sa kanilang mga *elders*, ngayon ay kanila nang nababasa at naisisiwalat sa kanilang mga mag-aaral kung ano ang kanilang tradisyon, sining, paniniwala, at kultura.

Kaya, ang proyektong ito ay isinagawa upang mapanatili at palakasin ang sining ng *oral storytelling* ng tribung Blaan. Mula 2015 hanggang 2018, lumikha ang proyekto ng Flalok Big Books, mga gabay sa pagtuturo, at iba pang materyales para sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na ginagamit sa mga paaralang Blaan sa Region 12. Naging matagumpay ito sa pagpapataas ng *literacy rate* sa mga mag-aaral ng Grade 1 at Grade 2 sa mga Blaan na komunidad, mula 58% hanggang 88% pagkatapos ng programa. Patuloy itong sinusuportahan ng *Department of Education* at ng mga lokal na pamahalaan (Conrado & Ladislawa Alcantara Foundation, Inc., 2024).

Sa huling salita, ang pag-aaral na ito ay ginawa upang malaman ang karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng Project Flalok bilang lunsaran nila sa kanilang pagtuturo ng MTB-MLE at malaman kung ano ang naging epekto ng mga karanasang ito sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Ito ay ginawa upang mapalalim ang kaalaman ko tungkol sa Flalok Big Books.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral kong ito ay gumamit ng qualitative research na may disenyong phenomenological, kung saan naglayong malikom ang mga datos sa pamamagitan ng pakikipanayam upang masuri ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books bilang lunsaran sa pagtuturo ng MTB-MLE. Ang

qualitative research ay nakatuon sa masusing pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at kahulugan na nililikha ng mga tao sa kanilang mga konteksto, gamit ang mga di-numerikal na datos tulad ng panayam at obserbasyon sa halip na estadistika (Mohajan, 2020).

Samantala, ang penomenological research ay nakatuon sa malalim na pagsusuri ng mga indibidwal na karanasan, na may layuning tuklasin ang esensyal na kahulugan ng isang phenomenon nang walang pagkiling o paunang haka-haka. Sa pamamaraang ito, ginagamit ang *bracketing* upang maiwasan ang impluwensya ng sarili kong pananaw bilang mananaliksik sa pagsusuri ng datos. Malawakang ginagamit ang phenomenological research sa edukasyon, sikolohiya, at iba pang larangan upang maunawaan ang masalimuot na aspekto ng karanasan ng tao (Delve, 2023; Tryata, 2023).

Ang mga disenyong ito ay angkop sa aking pag-aaral dahil layunin kong tuklasin ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE gamit ang Flalok Big Books. Ang mga aklat na ito ay mahalaga sapagkat nagbibigay ang mga ito ng pagkakakilanlan sa mga Blaan at tumutulong sa pagpapalakas ng kanilang kultura at wika.

## RESULTA

### Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books

Isa sa mga naging layunin ng aking pananaliksik ay ang malaman ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE gamit ang Flalok Big Books. Dito, naipamalas kung ano nga ba ang naitulong ng Flalok Big Books sa kanilang pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang bawat guro ay nagpahayag ng kani-kanilang karanasan sa paggamit ng ganitong proyekto, na nagbigay-linaw kung paano nila naipaliwanag ang mga aralin gamit ang makulay at detalyadong mga ilustrasyon ng mga aklat. Ipinakita rin nila kung paano nakatulong ang mga kagamitan sa pagpapalawak ng kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, pati na rin sa pagpapalalim ng ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Bukod pa rito, inilahad ng mga guro ang mga hamon at paghamon na kanilang hinarap sa proseso, tulad ng limitadong oras para sa pagtutok sa bawat bahagi ng aklat at ang pangangailangan ng higit pang pagsasanay upang mas mapakinabangan ang buong potensyal ng mga Flalok Big Books sa klase. Sa kabila ng mga pagsubok, ang positibong epekto ng mga aklat ay lumitaw bilang isang makapangyarihang kasangkapan sa pagpapadali ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga mahahalagang konsepto ng MTB-MLE.

Batay sa mga naging tugon ng mga kalahok, tungkol sa kanilang mga naging karanasan sa paggamit ng Flalok Big Books, ako ay nakabuo ng apat (4) na tema. Ito ay ang: Napanatili ng Guro ang Interaktibong Talakayan, Nagabayan ng Guro ang Klase sa Higit na Pag-unawa ng mga Konteksto, Natugunan ang Hamon sa Wika, at Nahirapan sa Pagbigkas ng Wika.

Makikita sa Talahanayan 1 ang apat (4) na temang nabuo, kaugnay na mga pangunahing ideya at dalas ng kanilang tugon batay sa bilang ng mga kalahok na may karaniwang sagot.

**Talahanayan 1**

*Karanasan ng mga Gurong Gumagamit ng Project Flalok Big Books sa Pagtuturo ng MTB – MLE*

| Tema | Pangunahing Ideya | Dalas ng Tugon |
|---|---|---|
| **Positibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books** | Napanatili ng Guro ang Interaktibong Talakayan | Pangkalahatan |
| | Nagabayan ng Guro ang Klase sa Higit na Pag-unawa ng mga Konteksto | Pangkalahatan |
| | Natugunan ang Hamon sa Wika | Pangkalahatan |
| **Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books** | Nahirapan sa Pagbigkas ng Wika | Variant |

**Positibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books**

Sa dakong ito, aking ibinabahagi ang mga positibong tugon ng mga guro sa kanilang karanasan sa paggamit ng Flalok Big Books, kung gaano nakatulong nang malaki sa kanilang pagtuturo ang Flalok Big Book. Ang mga ito ay basi lamang sa mga naihayag na tugon ng mga kalahok.

**Napanatili ng Guro ang Interaktibong Talakayan.** Ang pagtuturo ng MTB MLE gamit ang Flalok Big Books ay nakapupukaw ng kawilihan ng mga mag-aaral upang aktibong makisangkot sa mga gawaing pampagkatuto. Dulot nito, nagkaroon ng interaktibong talakayan at naging madali ang proseso ng pagtuturo at pagktuto ng mga mag-aaral. Ito ay makikita sa mga sumusunod na tugon ng mga kalahok:

"… yong mga bata na nandito sa na ngayon sa grade 1 and 2 na IP na eexcite sila pag MTB time naming dahil sa Flalok Big Books." (T1, Linya 23-25)

Ang Flalok Big Books ay nagdudulot ng kasiyahan at motibasyon sa mga batang mag-aaral, lalo na ang mga Indigenous Peoples (IP) na nasa Grade 1 at 2, tuwing oras ng Mother Tongue-Based (MTB) na klase na siya namang pinatunayan ni T3.

"Ang paggamit ng Big Books ito ay nakapagbigay ng interest lalo na sa mga kabataan…" (T3, Linya 3-4)

Ang Big Books, tulad ng Flalok Big Books, ay isang mabisang kagamitan sa pagtuturo na nagbubunsod ng mas mataas na interes ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Sa paggamit nila ng Big Books ay nakapagbigay talaga ito ng interes sa mga bata pinatunayan naman ni T4 sa kanyang pahayag.
"… makikita mo talaga na interesado sa kanila na interesado sila…" (T4, Linya 5-6)

Tinutukoy lamang sa pahayag na ang mga mag-aaral ay aktibong nagpakita ng interes sa mga materyales tulad ng Big Books. Ang kanilang pagtutok at sigla ay patunay ng epekto ng mga aklat na ito. Batay sa mga tugon ng kalahok T1, T3 and T4, napukaw ang interest at nakaingganyo sa mga mga mag – aaral ang Flalok Big Books sa kanilang aralin at gawain sa MTB MLE. Ang pagpukaw ng kamalayan ng mga mag –aaral sa ano mang antas ay isa sa mga mahalagang paraan para mas maging aktibo ang klase at mas maunawaan ang mga tinatalakay na aralin.

"Ito po ay ay ginagawa ay story telling po every Monday po siya , from day 2 to day 5 at mga activities na related po sa stories." (T5, Linya 4-6)

Ang storytelling ay isinagawa bilang bahagi ng regular na iskedyul, na sinundan ng mga aktibidad na may kaugnayan sa mga kuwento. Ang ganitong gawain ay nagbibigay ng istruktura at konsistensiya sa proseso ng pag-aaral. Ang mga kuwento sa Blaan ay talagang nailimbag kaya naman naikukuwento na ito sa mga bata kagaya ng sambit ni T1.

"… na put into action yung kwento halimbawa pinaguusapan naming sipnu pag activity namin yan makikita nila mismo sa larawan…."(T1, Linya 34-36)

Ang mga kuwento na binasa o isinalaysay ay binigyang-buhay sa pamamagitan ng mga larawan at kaugnay na aktibidad. Ito ay tumulong sa mga mag-aaral upang mas maintindihan ang nilalaman ng kuwento dahil nakita nila ito nang mas konkretong paraan. Kasi ang mga kuwento ay talagang nagmula sa kanila kaya sila ay nakakaugnay sa kuwento na sabi rin ni t10.

"… so pag everytime na ano ako sa kanila mag story telling kasi yung Flalok short stories sa Blaan…" (T10, Linya 4-5)

Ang Flalok short stories, na isinulat sa konteksto ng kulturang Blaan, ay ginamit bilang pangunahing materyal para sa storytelling. Ang ganitong lokal na kwento ay mahalaga upang itaguyod ang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura. At pinatunayan naman nito ni T6.

"Yong mga stories kasi naka ano po sya naka connect sya tapos …" (T6, Linya 4-5)

Ang mga kuwento ay magkakaugnay, na nagtaguyod ng pagpapatuloy ng mga ideya o konsepto mula sa isang kwento patungo sa kasunod. Ang koneksiyon ng mga kwento ay tumutulong sa mga mag-aaral upang mas maunawaan ang mga aral at tema. Ganun din ang sambit ni T2.

"… actually mga kuwento din about sa kanila so kung baga mas ano nakakarelate sila gamit yung mga imaginary stories."(T2, Linya 6-7 )

Ang mga kuwento ay may temang tumutugma sa kultura at karanasan ng mga mag-aaral, kaya mas madali nilang naiintindihan at nakaayon sila dito. Ang paggamit ng mga kathang-isip na kuwento ay nagpapakilos din ng kanilang imahinasyon. Dahil sa pagkukuwento lamang nakatuon ang pagkatuto ng mga bata na nasambit pa rin ni T2.

"… about story telling lang talaga. So yun lang ginagamit namin which is natutuwa din ang mga bata kasi nakikita nila yong mga dress nila…" (T2, Linya 23-24)

Ang *storytelling* ay nagiging mas makabuluhan kapag ang mga detalye ng kuwento, tulad ng kasuotan ng mga tauhan, ay tumutukoy sa kanilang sariling kultura. Ang ganitong aspekto ay nagbigay kasiyahan at pagkakakilanlan sa mga mag-aaral. Pagkatapos ng pagkukuwento ay sinubukan ang kaalaman nila kung naintindihan nga ba nila ang kuwento na nasambit ni T4.

"… right after sa mga kuwento may mga tanong din na naiinclude ang HOTS question…" (T4, Linya 10-11)

Matapos ang *storytelling*, nagkaroon ng mga tanong na tumutok sa *Higher Order Thinking Skills* (HOTS) upang mapalakas ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Hindi lamang basta pinakikinggan ang kuwento, kundi pinoproseso rin nila ito upang mas malalim na maintindihan.

Inilahad ng mga kalahok T1, T2, T4, T5, T6 at T10 na sa pagtutro ng MTB- MLE ay ginagamitan nila ng storytelling na hango sa kumunidad ng Blaan. Ang gawain din ng mga mag-aaral ay nakabatay sa mga kuwento na ikinuwento o nabasa nila sa Flalok Books. Ang mga guro ay may partikular na araw sa storytelling na syang nakatutulong sa mga mag–aaral na matuto at magawa ang mga gawain.

"… nakikipag engage po or nakakapagparticipate sila sa akin when it comes sa Flalok po kasi naiintindhan nila…" (T5, Linya 8-9)

Ang mga mag-aaral ay mas aktibong nakikilahok sa klase kapag ginagamit ang Flalok dahil naiintindihan nila ang lengguwahe at nilalaman nito. Ang paggamit ng materyal na malapit sa kanilang konteksto ay naging tulay upang mas makilahok sila nang buong sigla. Na siya namang pinatunayan ni T5 sa kanyang pahayag.

"… yung mga bata na naeegage naiinteract talaga tapos maingay po talaga yan sir, maingay po sila when it comes to Flalok po." (T5, Linya 13-14)

Ang mga mag-aaral ay nagiging masigla at mas aktibong nagkakaroon ng interaksyon tuwing ginagamit ang Flalok. Ang ingay sa klase ay indikasyon ng kanilang sigla at aktibong pakikilahok sa talakayan o aktibidad na may kaugnayan sa Flalok, parehong sambit naman ni T7.

"Ok lang naman mas nagiging interactive naman ang klase. Basta baya bata…" (T7, Linya 36)

Ang pagiging masigla ng mga mag-aaral ay itinuturing na positibong aspekto dahil nagiging mas interaktibo ang klase. Ang kanilang enerhiya at pakikilahok ay nagpapakita ng mas malalim na paglahok sa proseso ng pagkatuto, sa parehong nasabi ni T9.

"… mas cooperative and participative sila once na maintindhan nila yung lengguwahe." (T9, Linya 6)

Kapag naintindihan ng mga mag-aaral ang lengguwahe ng pagtuturo o materyal, sila ay nagiging mas aktibo sa pakikilahok at mas handang makipagtulungan sa kanilang mga kaklase. Ang wika ay mahalagang aspekto ng kanilang pag-unawa at interaksyon, kagaya rin sa nasabi ni T10.

"… ano sila very active in terms of participation and then pag mag question ako sa kanila very active sap ag answer…" (T10, Linya 8-9)

Ang mga mag-aaral ay naging mas aktibo hindi lamang sa pakikinig kundi pati na rin sa pagsagot ng mga tanong. Ang kanilang sigasig sa paglahok ay nagpapakita na ang ginamit na materyal ay epektibo at may direktang koneksyon sa kanilang interes at kaalaman. Ibinahagi ng mga kalahok T5, T7, T9 at T10

na ang kanilang talakayan sa mga mag-aaral ay napakainteraktibo sapagkat ang mga ito ay nakilahok sa talakayan at mga gawain sa MTB MLE gamit ang Flalok Big Books.

Sa pangkalahatan, ang interaktibong talakayang karanasang ito ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE gamit ang Flalok Big Books ay isang pahiwatig na nakatutulong nang malaki ang paraang ito upang mas maunawan nang husto ng mag–aaral sa murang edad ang mga aralin, kaganapan at gawain na maiuugnay sa asignatura at sa realidad na konsepto.

Ang mga pag-aaral ukol sa interaktibong pakikilahok sa talakayan gamit ang kultural na pagkakakilanlan ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng mahalagang epekto ng mga gawain na konektado sa kultura ng mag-aaral sa kanilang akademikong tagumpay at pakikilahok. Sa pag-aaral ni Guitart et al. (2020), tinalakay ang paggamit ng *participatory culture* sa loob ng klase, kung saan ang mga mag-aaral ay pinapalakas ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng mga proyekto na nag-uugnay sa kanilang kultural na pinagmulan at ang kanilang karanasan sa buhay. Sa ganitong paraan, hindi lamang nila naiintindihan ang mga akademikong paksa, kundi nakikita nila ito sa konteksto ng kanilang mga personal na karanasan at pagkakakilanlan.

Kasabay ng mga natuklasang ito, isang mahalagang aspekto ng edukasyon ay ang papel ng mga guro sa pagpapahalaga at pag-angkop sa kultural na identidad ng mga mag-aaral sa mga bilinggwal na silid-aralan. Ayon kay Herrmann (2020), kapag ang mga guro ay isinasaalang-alang at inaangkop ang mga kultural na gawain at backgrawnd ng mga mag-aaral, napalalakas nito ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga talakayan at akademikong gawain. Hindi lamang nito pinapalalim ang pag-unawa sa aralin, kundi lumilikha rin ng isang mas inklusibong kapaligiran na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na makilahok at magpahayag ng kanilang mga pananaw at karanasan sa isang ligtas at positibong espasyo.

Ang pangunahing ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng MTB-MLE ay ang Flalok Big Books. Pero maliban dito may mga kaagapay na mga kagamitan na naibahagi sa mga guro na puwede nilang gamitin upang mas mapalawak pa at mas maunawaan ng mga mag – aaral sa mabisa at mabilis na paraan. Ang mga kagamitang ito ay makabagong teknolohiya na angkop sa hilig at interes ng mga makabagong mag-aaral dahilan upang sila ay aktibong nakilahok sa klase at nagbunga ng interaktibong talakayan. Ito ay makikita sa mga sumusunod na tugon ng mga kalahok:

"Auh… so far po ang meron pong integration is yung grade 6 namin kasi may TV and phone yung TV sa amin sa Kinder pero gumagamit naman kami ng laptop."(T2, Linya 35-36)

Ang integrasyon ng teknolohiya ay mas napapansin sa mas mataas na antas ng pag-aaral, tulad ng Grade 6, na may access sa TV at phone. Samantala, ang Kinder ay limitado sa laptop, na nagpapakita ng

pagkakaiba sa distribusyon ng mga kagamitang pang-edukasyon. Nasambit din ni T3 na sila ay gumamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo maliban sa Big Books.

“Auh medyo ang iba kasi may audio tapos may video yun ang nakadagdag maliban sa mga big books…” (T3, Linya 15-16)

Ang paggamit ng audio at video ay nagdagdag ng interaktibo at mas makabagong paraan ng pagtuturo kumpara sa tradisyunal na big books. Nakatulong ito sa pagpapalalim ng interes ng mga mag-aaral sa aralin sa pamamagitan ng multimedia. Pinatunayan din ni T4 na sila ay gumamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo dahil sila ay may *soft copy* na hawak.

“May soft copy po kami niyan… Kasi sir sa Tablet sir. Tablet kasi yung ginagamit namin sir…masayang masaya sila in terms of Flalok” (T4, Linya 18-19)

Ang paggamit ng tablet at *soft copy* ng mga materyales ay nagpadali sa pagtuturo habang nagdala ng kasiyahan sa mga mag-aaral. Ang Flalok ay tila isang mahalagang kasangkapan na nagbigay ng positibong karanasan sa pag-aaral gamit ang teknolohiya. Sa mga linya din ni T7 na nagpapakita ng paggamit ng teknolohiya sa kanilang pagtuturo.

“… may audio kasi pag na install mo siya sa laptop pwede mo na i-play…” (T7, Linya 31-32)

Ang *audio materials* na na-install sa laptop ay nagbigay ng mas praktikal at mabilis na paraan para maiparinig ang mga aralin. Pinapakita nito na kahit simpleng teknolohiyang pang-audio ay epektibo sa pagpapahusay ng pagkatuto.

Ang mga pahayag ni T2, T3, T4, at T5 ay nagpakita ng dulot ng paggamit ng teknolohiya bilang pantulong sa pagtuturo gamit ang Flalok Big Books. Ito ay sadyang idinisenyo upang mapabuti at makabuluhan ang karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagaman limitado ang teknolohiyang magagamit sa ilang antas, tulad ng paggamit ng TV at laptop sa Kinder at Grade 6, malinaw na ang *audio-visual tools* gaya ng video, audio, tablet, at *soft copy* na kagamitan ay malaking tulong sa pag-engganyo ng kawilihan ng mga mag-aaral. Ang ganitong teknolohikal na integrasyon ay naging mahalagang bahagi ng pagtuturo, lalo na sa paggawa ng mga aralin na mas interaktibo, makulay, at nakatutuwang pag-aralan.
Sa mga kamakailang pag-aaral, ipinasikat ang epekto ng teknolohiya sa pagpapalakas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga talakayan at gawaing akademiko. Ayon sa pananaliksik nina Ullah at Anwar (2020),

pinapakita ng mga resulta na ang pagsasama ng mga interaktibong gawain at teknolohiya ay malaki ang kontribusyon sa pagpapabuti ng partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa kanilang eksperimento, nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at pagtutok sa mga gawain nang magkakasama. Iniulat ng mga kalahok na mas naging positibo ang kanilang karanasan sa pagkatuto dahil sa integrasyon ng mga teknolohikal na kagamitan.

Samantala, natuklasan din sa ibang pag-aaral na ang paggamit ng mga *online discussion boards* at *interactive whiteboards* ay nakapagpapalakas ng interaktibong talakayan at nagiging sanhi ng mas mataas na antas ng pakikilahok mula sa mga mag-aaral. Sa ganitong mga platform, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na magbigay ng kanilang opinyon at makibahagi sa mga diskusyon, na nagiging daan upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga aralin. Ang mga teknolohiyang ito ay nagsilbing kasangkapan na nag-uugnay sa mga mag-aaral sa kanilang guro at kapwa mag-aaral, kaya at napapalakas ang kanilang interes at komitment sa kanilang edukasyon (Chen et. al., 2021).

**Nagabayan ng Guro ang Klase sa Higit na Pag-unawa ng mga Konteksto**. Ang paggamit ng materyales sa pagtuturo ay isang mahalagang estratehiya upang gawing mas simple at mas malinaw ang mga konsepto para sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng materyales-biswal, pandinig, o pisikal na nakapaloob sa Flalok Big Books**,** naging mas madali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konteksto ng mga aralin, lalo na kapag ito ay may kaugnayan sa kanilang karanasan. Narito ang mga pahayag ng mga kalahok.

"Meron din meron pero nakatutulong din yung picture talaga kasi nakakaintindi talaga sila." (T1, Linya 36-37)

Ang mga larawan ay mahalagang kasangkapan sa pagtuturo dahil nagbibigay ito ng malinaw na biswal na suporta sa mga mag-aaral upang mas madaling maunawaan ang mga konsepto. Pinapakita nito na ang biswal na representasyon ay epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto, na siya namang pinatunayan ni T3 sa kanyang pahayag na ito:

"…pero doon sa larawan habang nagsasalita ako parang nakikita ko na iinject sa kanilang kaisipan na yun pala ang content o ang nilalaman ng kuwento doon sa Flalok Big Books." (T3, Linya 25-27)

Sa pamamagitan ng mga larawan sa Flalok Big Books, naipakita ng guro ang nilalaman ng kuwento habang nagpapaliwanag, na tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga detalyeng hindi agad makukuha sa salita lamang. Ang koneksyon sa pagitan ng biswal at verbal na impormasyon ay nakapagpalalim ng pag-unawa ng mga bata. Sambit din ni T6 na madaling nakaiintindi ang mga bata dahil sa mga larawan.

"…madali lang yung pagkakakintindi ng mga bata kasi auh like may nakikita silang mga picture so auhmm marerelate sa kanila yung mga picture." (T6, Linya 9-10)

Ang mga larawan ay nakatulong sa pag-uugnay ng aralin sa mga karanasan ng mga mag-aaral, na nagpadali sa kanilang pag-unawa. Ang pagiging *relatable* ng mga larawan ay nagpataas ng interes at pagkaintindi sa aralin.

Sa mga pahayag nina T1, T3, at T6, ang paggamit ng mga larawan sa pagtuturo ay epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral dahil ito ay nagbibigay ng malinaw na visual na representasyon. Ang ganitong pamamaraan ay nagtataguyod ng koneksyon sa pagitan ng nilalaman ng aralin at personal na karanasan ng mga mag-aaral, na nagiging daan para mas maging makabuluhan ang kanilang pag-aaral.

Ayon sa isang pag-aaral ni Clark at Hall (2020), ang paggamit ng mga biswal tulad ng mga dayagram at larawan ay nakatutulong upang mapabuti ang pang-unawa ng mga mag-aaral, partikular na sa agham at matematika. Ang mga larawan ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga mahihirap na konsepto at praktikal na pagkatuto, kaya, pinapalakas nito ang memorya at ginagawang mas nauunawaan ang mga aralin. Sa kabilang banda, binigyang-diin naman nina Vale at Barbosa (2020) ang kahalagahan ng paggamit ng mga estratehiya ng aktibong pagkatuto, kabilang ang mga larawan, bilang bahagi ng mas malawak na pamamaraan ng pagtuturo. Ang ganitong mga estratehiya ay hindi lamang nakatutok sa intelektwal na pag-unawa kundi pati na rin sa sosyal at pisikal na paglahok ng mga mag-aaral, na tumutulong upang mapalakas ang kanilang kritikal na pagiisip at kakayahan sa paglutas ng problema.

**Natutugunan ang Hamon sa Wika.** Isa sa mga karanasan ng mga kalahok ay kung paano natugunan ang mga hamon sa wikang gamit ng Flalok Big Books. Ang kaalaman ng mga guro patungkol sa mga wikang hindi nila naiintindahan ay hindi maaaring isawalang bahala sapagkat hadlang ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito, aking ibinabahagi ang mga tugon ng mga kalahok ukol sa karanasang ito. Ito ay mababatid sa kanilang mga tugon.

"Mayroong ding dictionary sir pinoprovide halimbawa nung mga salita doon na hindi mabigkas is search ka sa dictionary…" (T1, LInya 77-78)

Ang paggamit ng diksyunaryo ay mahalaga sa pagtuturo, lalo na sa pagpapaliwanag ng mga salitang mahirap bigkasin o maintindihan. Ito ay nagbibigay ng mabilis na solusyon upang matiyak ang tamang pagbigkas at kahulugan ng mga salita sa klase. Ang ginagawa naman ni T5 ay hinanap ang pagsasalin sa likod na bahagi ng Big Books at isinalin na lamang nito sa ibang diyalekto.

"So yung ginagawa ko sir hinahanap ko nalang doon yung word iyon then tinatranslate ko nalang po yung word… or ano yung equivalent word nya…" (T5, Linya 81-83)

Ang pagsasalin ng mga salita sa mas madaling unawain na paraan ay nagpapakita ng inisyatibo ng guro na gawing naa-access ang wika para sa mga mag-aaral. Ang ganitong praktikal na solusyon ay nakatulong upang mas maipaliwanag ang kahulugan ng mga salita. Sa pahayag naman ni T2 ay humihingi siya ng tulong sa mga magulang ng mag-aaral.

"… nagtatanong din kami sa parents dito na counterpart nito sa Blaan para kumbaga mas maintindhan ng mga bata." (T2, Linya 76-77)

Ang pakikipag-ugnayan sa mga magulang upang alamin ang katumbas na salita sa wikang Blaan ay isang mahalagang hakbang sa pagsuporta sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinapakita nito ang kahalagahan ng kolaborasyon sa pagitan ng guro at komunidad upang maging mas inklusibo ang pag-aaral. Mula naman kay T3 ay humihingi siya ng tulong sa mga tribal elders ng kanilang lugar.

"…naga connect ako sa nakakatanda para hindi naman magkamali…" (T3, Linya 108-109)

Ang paghingi ng payo mula sa mga nakatatanda ay nagpapakita ng respeto at pagkilala sa kanilang karunungan, na tumutulong upang mapanatili ang tamang kaalaman tungkol sa wika at kultura. Pinipigilan din nito ang maling impormasyon na maaaring maipasa sa mga mag-aaral. Siya ring ginagawa ni T7.

"…humihingi ako ng tulong, kasi ano may partners din kami dito yung IP elders din namin."(T7, Linya 97-98)

Ang pakikipagtulungan sa mga IP elders o nakatatanda mula sa komunidad ay nagbibigay ng mas mayamang kaalaman sa kultura at wika. Ang ganitong kolaborasyon ay isang mahalagang paraan upang masigurong tama at kultural na angkop ang mga materyales sa pagtuturo. Mula naman kay T6 na siya nagsasaliksik para sa tamang pag-unawa ng mga salita.

"…more enhancement po, more research po about sa auh… ano talaga yung malalim na salita… puwede nating matagpuan ang pagbigkas yung pagggamit…" (T6, Linya 29-32)

Ang patuloy na pananaliksik at pagpapalalim ng kaalaman sa wika ay mahalaga upang maitaguyod ang tamang paggamit at pagbigkas ng mga salita. Pinapakita nito ang pangangailangan para sa mas malalim na pag-aaral sa mga aspektong lingguwistiko ng aralin. Ang ginagawa naman ni T9 ay ang pakikipanayam ay pagpapadala ng mensahe ang pinakamainam niyang gawin.

"…nagmemessage ako kung ano ibig sabihin ng word na ito auh ano nag interview din yun ang ginagawa ko." (T9, Linya 61-62)

Ang pakikipag-ugnayan sa iba, tulad ng pagpapadala ng mensahe at pakikipanayam, ay nagpapakita ng pagiging masigasig ng guro sa pagkuha ng tamang impormasyon. Ang ganitong pagsisikap ay mahalaga upang maipaliwanag nang maayos ang kahulugan ng mga salita sa mga mag-aaral.

Ayon sa tugon ng mga kalahok T1, T3, T5, T6, T7, T8, at T9 ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng diksyunaryo, konsultasyon sa mga magulang, at pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda upang matiyak ang tamang pagbigkas, kahulugan, at paggamit ng mga katutubong salita. Ang kolaborasyong ito ay nagdulot ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang wika at kultura, at nagbigay daan sa mas makulay at makabuluhang proseso ng pagkatuto. Ang pagsasalin ng mga salita sa mas simpleng mga termino ay nakatulong din upang maging mas madaling maintindihan ng mga bata ang mga konsepto.

Ang pakikipag-ugnayan sa mga IP elders ay mahalaga rin sa pagpapasa ng tradisyonal na kaalaman at kultura. Ang paggamit ng mga kuwento tulad ng Flalok ay nakatulong upang mahikayat ang interes ng mga mag-aaral, lalo na sa mga *remedial* na gawain. Kasabay ng mga aktibidad na ito, binigyang-diin ang pangangailangan ng patuloy na pananaliksik upang mapanatili at mapalalim ang kaalaman sa wika, at upang matiyak na ito ay ginamit nang wasto at makatarungan.

Ang mga nakatatanda ay may malaking papel sa pagpapanatili ng wika at tradisyonal na kaalaman sa mga komunidad. Sa Yakama Nation, ang mga kuwento at tradisyon ay dokumentado bilang bahagi ng kanilang pagsisikap na mapanatili ang kultura at pangangalaga sa likas na yaman (Georgitis & Jansen, 2021). Sa mga Tribal Colleges and Universities (TCUs), tulad ng sa programang Lakota, ang paggamit ng wika sa seremonyal na mga gawain ay nakatutulong sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng mga katutubo at pagpapalakas ng komunidad, habang tinutulungan ang mga mag-aaral na maghilom mula sa mga nakaraang trauma (Charette, 2021).

**Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books**

Sa paggamit ng Flalok Big Books ng mga guro bilang lunsaran sa kanilang pagtuturo ng MTB-MLE, mayroon itong negatibong karanasan at ito ay kahirapan nila sa pagbigkas o pagintindi ng wika dahil na rin sa baryasyon na mayroon ang diyalektong Blaan. Ito ay nakabatay lamang sa mga tugon ng mga guro.

**Nahirapan sa Pagbigkas ng Wika**. Isa sa mga karanasan ng mga guro sa pagturo ng MTB-MLE gamit ang Flalok Big Books ay ang kahirapan sa pagbigkas ng wikang nakapaloob sa Flalok Big Books. Sa bahaging ito aking ibinabahagi ang mga tugon ng mga kalahok ukol sa mga karanasang ito.

"Yes doon talaga ang struggle din pag hindi masyado fluent sa Blaan siguro struggle kasi may kuwit kuwit dyan sir." (T1, Linya 71-72)

Ang kakulangan sa kasanayan sa wikang Blaan ay nagdulot ng hirap sa pagbasa at pag-unawa ng mga salita, lalo na dahil sa mga di-pamilyar na bantas o istruktura. Pinapakita nito na ang *linguistic fluency* ay mahalaga upang maunawaan at maipasa nang tama ang wika sa mga mag-aaral. Nasambit din ni T2 na hindi siya kabilang sa tribu ng Blaan kaya may mga salita talaga na hindi niya maintindihan.

"Yun lang kasi hindi po talaga ako kasi Blaan ang ibang mga words hindi talaga namin mabasa, hindi namin maintindihan…" (T2, Linya 55-56)

Ang kawalan ng sapat na kaalaman sa wikang Blaan ay nagiging sagabal para sa mga guro na ipaliwanag ang mga salita at konsepto sa kanilang mga mag-aaral. Ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malalim na pagsasanay o suporta sa paggamit ng lokal na wika. Dagdag pa niya, may mga salita talaga na hindi alam ng kanyang mga mag-aaral.

"Hindi rin nila alam may mga words na hindi nila alam…" (T2, Linya 67)

Ang mga mag-aaral mismo ay nahihirapan din sa mga salitang hindi nila naiintindihan, na nagpapakita ng limitasyon sa kaalaman nila sa kanilang sariling wika. Ang ganitong sitwasyon ay nangangailangan ng masusing pagtuturo at pagpapalawak ng bokabularyo. Nasabi naman ni T5 na siya ay isang Blaan ngunit hindi siya nasanay sa mga salitang Blaan.

"… ako pure Blaan kasi ako sir pero lumaki ako na nakapalibot ay Cebuano na may mga terms na hindi mabasa…" (T5, LInya 71-72)

Kahit ang mga indibidwal na may lahing Blaan ay maaaring mahirapan sa ilang salita dahil sa impluwensya ng ibang wika tulad ng Cebuano. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng epekto ng interaksyon ng iba't ibang wika sa komunidad. Kay T6 naman ay mga salitang hindi kadalasang ginagamit na mga salita sa komunidad nila kaya hindi nila naiintindihan ang salita.

"Auuh mostly sir is yung mga, may mga words talaga na minsan is hindi siya common sa kanila…" (T6 Linya 14-15)

Ang paggamit ng mga salitang hindi karaniwang ginagamit ay nagdudulot ng pagkalito sa mga mag-aaral. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagtuon sa mas pamilyar at *functional* na bokabularyo para mas maging epektibo ang pagtuturo. Sa pahayag naman ni T7, may mga salita talagang malalim at nahaluan na rin.

“ Oo minsan din mayroon mga medyo malalim-lalim na Blaan kasi nowadays may halo na yong Blaan…” (T7, Linya 71-72)

Ang wika ng Blaan ay nagbabago at nagkakaroon ng impluwensya mula sa ibang wika, kaya may mga salitang itinuturing na malalim at hindi na ginagamit. Nagpapakita ito ng pangangailangan para sa dokumentasyon at pagpapanatili ng wika upang hindi tuluyang mawala ang mga tradisyunal na termino. Sa pahayag ni T8, nahihirapan siya dahil sa mga diin na mayroon ang mga salita.

“Ako po personally ako po talaga ay nahihirapan po ako kasi may mga stress po kasi sir kagaya nga sa A may same …” (T8, Linya 32-33)

Ang stress o tamang pagbigkas ng mga salita ay naging hamon sa mga guro, lalo na sa mga salitang may magkaparehong anyo ngunit magkaibang kahulugan. Ipinapakita nito na mahalaga ang *phonetics* at tamang pagtuturo ng tunog sa pagpapalaganap ng wika. Sa pahayag ni T9, magkaiba talaga ang gamit ng salita sa kanila at sa ibang lugar na gumagamit ng diyalektong Blaan.
“May mga time na magkaiba ang mga words na iba sila tapos iba sa amin…” (T9, Linya 30-31)

Ang pagkakaiba ng bokabularyo o bersyon ng mga salita ay nagiging sanhi ng pagkalito, lalo na kung magkaiba ang sinasabi ng guro at ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito ang *linguistic variation* sa loob ng isang wika at ang pangangailangan ng standardisasyon. Ganoon din ang sambit ni T10 sa kanyang pahayag.

“Variation ng linggguwahe kaya iba yong Blaan nila doon…” (T10, Linya 25)

Ang pagkakaiba-iba ng lengguwahe sa iba't ibang lugar ay nagpapakita ng *heterogeneity* ng wika ng Blaan, na maaaring magdulot ng hirap sa komunikasyon. Ang ganitong sitwasyon ay nangangailangan ng mas malawak na pag-unawa at pagpapayaman ng lingguwistikong kaalaman.
Batay sa mga tugon ng mga kalahok na sina T1, T2, T5, T6, T7, T8, T9, at T10, may mga salitang ginamit sa Flalok Big Books na hindi aktibong ginagamit o pamilyar sa mga gurong kalahok. Ayon sa kanila, isa

sa mga hamon sa kanilang pagtuturo ang pag-unawa sa mga salitang ito, dahil maging sila mismo ay hindi bihasa sa mga terminolohiya o wika na ginagamit sa Flalok. Gayundin, ang mga mag-aaral na nasa mababang baitang ang kadalasang nahihirapan sa pagbasa ng mga salitang ginagamit sa mga kuwento, aralin, at babasahin.

Ang mga kahirapan sa pagbigkas o paggamit ng wika dulot ng baryasyon nito ay may malalim na epekto sa literasiya at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ayon sa pag-aaral nina Washington et al., (2020), ang mga batang lantad sa mas mataas na diyalekto tulad ng African American English (AAE) ay nahihirapan sa pang-akademiko na nangangailangan ng Standard American English (SAE). Ang mga pagkakaibang ito sa sintaksis, bokabularyo, at pagbigkas ay nakakaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbasa at tagumpay sa akademiko. Gayunpaman, natuklasan nila na maaaring mapabuti ang kasanayan sa literasiya ng mga bata kapag ang mga guro ay sanay magbigay ng suporta batay sa pagkakaibang diyalekto ng mga mag-aaral.

Samantala, sa isang *meta-analisis* na isinagawa nina Gatlin at Wanzek (2021), ipinakita na ang mga batang gumagamit ng hindi pamantayang wika ay sadyang nahihirapan sa pagbasa dahil tinuturuan sila gamit ang *Standard English*, na iba sa kanilang likas na ginagamit na wika. Ang hindi pagkakatugma na ito sa pagitan ng diyalekto at pamantayang wika ay nagiging hadlang sa kanilang kasanayan sa pag-dekod at kahusayan sa pagbasa, na mahalaga sa pag-unawa sa pagbasa. Inirekomenda nila na ang mga estratehiya sa edukasyon ay dapat magtugma sa diyalekto ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang akademikong tagumpay.

**Epekto ng Karanasan ng Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum**

Isa sa mga naging layunin ko rin sa aking pananaliksik ay ang malaman ang epekto ng karanasan ng guro sa pagpapatupad ng kurikulum lalo na sa paggamit nila ng Flalok Big Books bilang bahagi ng kanilang pagtuturo sa MTB-MLE. Sa bahaging ito aking inilahad ang epekto ng karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng kurikulum sa kanilang aralin, epekto sa pagpapadali ng pagtuturo ng pagkatuto ng mga mag-aaral, at epekto ng hamon na kinaharap sa paggamit ng Flalok Big Books.

**Talahanayan 2**

*Epekto ng Karanasan ng Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum*

| Tema | Pangunahing Ideya | Dalas ng Tugon |
|---|---|---|
| **Epekto ng Positibong Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum** | Mas Interaktibong Talakayan sa Klase | Variant |
| | | Variant |

| | | |
|---|---|---|
| | Mas Malalim na Pag-unawa ng mga Mag-aaral | |
| | Mas Maayos na Pagtugon sa Hamon ng Wika | Typical |
| **Epekto ng Negatibong Karansan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum** | Hamon sa Tamang Pagbigkas ng Wika | Typical |

Sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, ang anomang natutuhan ng mga mag-aaral ay nakasalalay palagi sa husay at galing ng guro sa pagganap ng kaniyang tungkulin bilang magtuturo. Kung ang guro ay nakararanas ng kaginhawaan at kahirapan habang isinasagawa ang pagtuturo, ito ay may malaking epekto sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung mangyari ito, ang pagpapatupad ng kurikulum ay maapektuhan din. Maaaring hindi magampanan nang maayos ng guro ang pagpapatupad ng kurikulum sanhi ng kanyang mga hamong kinakaharap o kaya ay kung napagtagumpayan man ay marahil sa mga pagsisikap ng guro na maagapan ang hamong kinakaharap. Ang mga karanasang nakalap sa pag-aaral na ito, kakitaan ng epekto sa pagpapatupad ng kurikulum sa mga paaralan. Narito ang mga resulta ng isinagawa kong pagsusuri.

**Epekto ng Positibong Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum**

Sa dakong ito, aking ibabahagi ang mga tugon ng mga guro kung ano ang mga positibong epekto ng kanilang mga karanasan sa pagpapatupad ng kurikulum. Ang mga ito ay base lamang sa naihayag na mga tugon ng kalahok.

**Mas Interaktibong Talakayan sa Loob ng Klase**. Isa sa positibong epekto ng pagpapatupad ng kurikulum ay ang mapanatili ng mga guro ang interaktibong talakayan sa kanilang silid-aralan lalo pa ang paggamit nila ng Flalok Big Books bilang kagamitan nila sa pagtuturo. Narito ang mga tugon ng guro sa epekto ng Flalok Big Books sa kanilang Pagtuturo.

"…maganda yung naging epekto nito sa aming pagtuturo kasi auh nakapagbibigay talaga siya ng magandang interaction sa amin na mga guro kasi naga participate sila lahat sa aming klase." (T4, Linya 74-76)

Ang pahayag ni T4 ay nagpapakita na ang isang mahusay na estratehiya o teknolohiya sa pagtuturo ito ay maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng interaksyon sa klase. Ayon sa kanyang obserbasyon, ang paggamit ng isang epektibong kasangkapan o pamamaraan ay naging daan upang maging mas aktibo

ang partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase. Ang positibong epekto nito ay hindi lamang nararamdaman ng mga guro kundi pati na rin ng mga mag-aaral, na nagiging mas nakikisali at interesado sa proseso ng pagkatuto.

Ang pagpapatupad ng Flalok Big Books ay tunay na nakapukaw ng interaktibong talakayan sa mga mag-aaral. Ito ay nagbigay-daan sa kanila upang maipahayag ang kanilang sariling pananaw at ideya tungkol sa kanilang pinag-aralang kuwento. Bukod dito, nakapagbigay din ito ng mas malalim na kaalaman sa mga bata tungkol sa kanilang kultura. Naging daan din ito upang ang mga mag-aaral ay hindi lamang maging pasibong tagatanggap ng kaalaman, kundi maging aktibong kalahok sa kanilang pagkatuto, na sumusuporta sa layunin ng kurikulum.

Ayon kay Hwang at Chang (2021), ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng *mobile learning platforms* at *interactive tools*, ay may positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Napatunayan sa kanilang pag-aaral na ang teknolohiya ay nakapagpapataas ng antas ng aktibong partisipasyon at nagbibigay-daan sa mas malalim na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Sa pag-aaral nina Kahu at Lodge (2020) ay nagpapakita ng kahalagahan ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa tagumpay ng isang klase. Sa pamamagitan ng mga estratehiya tulad ng *interactive discussions* at *collaborative learning*, napapalakas ang ugnayan ng guro at mag-aaral, na nagiging dahilan ng mas mataas na antas ng motibasyon at pagkatuto.

**Mas Malalim na Pag-unawa ng mga Mag-aaral**, Isa sa mga epekto sa paggamit ng mga guro ng Flalok Big Books ay napapadali ang kanilang pagtuturo dahil sa tulong na rin ng mga larawan na makikita sa kanilang mga aklat kaya napapadali nito ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Narito ang mga tugon ng kalahok.

"…siyaka yung larawan nagkakatugma naman. Bagamat iba yung pag pronounce pero dahil yung larawan pamilyar sa kanila hindi mahirap ang pagktuto nila." (T1, Linya 64-65)

Ang pahayag ni T1 ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga pamilyar na larawan sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagkatuto ng mag-aaral, kahit na may pagkakaiba sa pagbigkas ng mga salita. Ipinapakita nito na ang visual na representasyon ay maaaring magsilbing tulay upang mas maunawaan ng mag-aaral ang konsepto o salita, sa kabila ng mga hadlang sa wika o pagbigkas.

Ang mga larawan sa kagamitang pampagtuturo o Flalok Big Books ay sadyang may malaking epekto sa pagpapatupad ng kurikulum. Ang mga *visual aids* ay nakatutulong sa pagpapadali ng pag-unawa ng mag-aaral sa mga aralin, lalo na sa mga batang may limitadong kasanayan sa wika o pagbasa. Sa pamamagitan ng mga larawan sa Flalok Big Books, naipapakita ang mga konsepto at ideya nang mas konkretong paraan, kaya at mas madaling nauunawaan at natututuhan ang mga aralin. Ang paggamit ng

mga larawan na ito ay nakatutulong din sa pagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral, na nagbibigay daan sa mas epektibong pagkatuto. Sa konteksto ng kurikulum, ito ay nagbibigay ng mas malawak na pagkakataon sa guro na magturo ng mas inklusibo at interaktibong mga aralin.

Sa pag-aaral nina Almacen at Labitad (2024), natuklasan na ang paggamit ng *multimedia*, kabilang ang mga larawan, sa pagtuturo ng Filipino ay nagdulot ng mas mataas na lebel ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang integrasyon ng mga biswal na elemento ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Sa pag-aaral naman ni Dela Cruz (2021), tinalakay ang kahalagahan ng paggamit ng makabagong teknolohiya, tulad ng mga larawan at iba pang *visual aids*, sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ipinakita sa resulta na ang paggamit ng mga pamilyar na larawan ay nakakatulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin, lalo na kung may pagkakaiba sa pagbigkas o wika.

**Mas Maasyos na Pagtugon sa Hamon ng Wika**. Ang pagkakaroon ng sapat na kakayahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral lalong lalo na kapag ang isang diyalekto na nakaaapekto sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral. Isa sa magandang katangian ng guro ay pagbibigay ng sulosyon sa kanilang hamon na nakaharap. Narito ang mga tugon ng guro sa epekto sa hamon na nakaharap nila sa wika.

“Pero pag once po na may nagturo sa akin nagseseek po talaga ako ng help.” (T8, Linya 41-42)

Isinalaysay ni T8 ang kahalagahan ng paghahanap ng tulong mula sa iba kapag may nagtuturo sa kanya. Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging bukas sa kolaborasyon at pagkilala sa limitasyon ng sariling kaalaman, na mahalaga sa proseso ng pagkatuto. Nasambit naman ni T9 na.

“…kami teachers ay sige may ano man pala kami teachers siguro ano ay nagtatanong din or pupunta kami sa dictionary kasi may dictionary man din kami na Blaan yun.” (T9, Linya 38-40)

Na ang guro ay aktibong naghahanap ng impormasyon upang mapabuti ang kanilang pagtuturo, partikular sa paggamit ng diksyunaryong Blaan. Ipinapakita nito ang kanilang pagsisikap na maunawaan at magamit nang tama ang katutubong wika sa kanilang pagtuturo. Mula naman kay T10.

“Actually sir ginagawa ko nalang yung nag translate ako nalang yung finafallow ko nalang kung ano yung pagkaintindi ko doon ako nalang yung nag translate sa mga bata doon sa nababagay sa kanilang mga language.” (T10, Linya 29-31)

Ayon sa kanya ang guro ay nagsasagawa ng sariling pagsasalin ng mga aralin batay sa kanyang pag-unawa upang ito ay maipaliwanag sa mag-aaral gamit ang kanilang sariling wika. Ipinapakita nito ang pangunguna ng guro na iakma ang pagtuturo sa lingguwistikong pangangailangan ng mga estudyante.

Ang iba't ibang paraan ng guro sa pagpapaintindi ng wika sa kanilang mag-aaral ay nagpapakita ng positibong epekto sa pagpapatupad ng kurikulum, lalo na sa konteksto ng mga katutubong wika at kultura. Una, ang paggamit ng mga diksyunaryo, konsultasyon sa magulang, at pakikipag-ugnayan sa nakatatanda ay nagpapalakas ng kahusayan at pagiging epektibo ng pagtuturo. Sa ganitong paraan, naisasama ang lokal na kaalaman at tradisyon sa mga aralin, na nakatutulong upang maging mas makabuluhan at naaangkop ang kurikulum para sa mag-aaral. Ang ganitong pagsisikap ay nagtataguyod ng higit na pagkakaintindihan, lalo na sa mga paksang may kaugnayan sa sariling wika at pagkakakilanlan ng komunidad.

B ukod dito, ang paggamit ng mga kuwento tulad ng Flalok at ang patuloy na pagsasaliksik upang mapalalim ang kaalaman sa wika ay nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa interes at pangangailangan ng mag-aaral. Ang mga makabago at tradisyunal na estratehiya ay nagpapayaman sa kurikulum, ginagawa itong mas inklusibo at *culturally responsive*. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga IP elders at iba pang miyembro ng komunidad, natitiyak na ang kurikulum ay hindi lamang nakasentro sa akademikong pagkatuto, kundi pati na rin sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng yaman ng lokal na wika at kultura at mapalawak pa ang kanilang pagkakakilan sa iba't iabng tribu o lahi.

Ayon kay Dela Cruz (2022), ang guro ay gumamit ng iba't ibang estratehiya upang mapanatili ang epektibong pagtuturo ng Filipino sa kabila ng mga hamon ng pandemya. Kabilang dito ang paggamit ng mga online na diksyunaryo at pagsasalin ng mga kagamitan sa wikang nauunawaan ng mag-aaral. Sa pag-aaral naman ni Santos (2023), binigyang-diin ang kahalagahan ng paggamit ng katutubong wika sa pagtuturo at pananaliksik upang mas maunawaan ng mag-aaral ang mga konsepto. Ipinakita rin na ang paggamit ng mga diksyunaryo at pagsasalin ay mahalaga upang mapalalim ang pag-unawa sa mga terminolohiya.

**Epekto ng Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum**

Sa bahaging ito aking ibabahagi kung ang negatibong epekto ng guro sa kanilang pagpapatupad ng Flalok Big Books sa kanilang pagtuturo. Narito ang mga tugon ng guro sa kanilang karanasan:

**Hamon sa Tamang Pagbigkas ng Wika.** isa sa mga naging epekto sa pagtuturo ng guro ay ang mga salitang hindi nila maunawaan sapagkat hindi ito nakasanayan na gamitin sa kanilang lugar, dahil dito sila ay nagkaroon ng kahirapan sa pagpapatupad ng kurikulum. Narito ang kanilang mga tugon.

"Yes doon talaga ang ano ang struggle din pag hindi pa masyadong fluent sa Blaan siguro struggle kasi may mga kuwit kuwit diyan sir. Mga kilay, may kilay na kalahati, may kilay na pabuo." (T1, Linya 68-69)

Ipinapahayag ni T1 ang kahirapan sa pagkatuto ng wikang Blaan dahil sa mga komplikadong marka o simbolo na ginagamit dito. Ang mga detalyeng tulad ng "kilay na kalahati" at "kilay na pabuo" ay maaaring tumukoy sa mga diakritikong marka na nagpapabago sa kahulugan ng mga salita, na nagiging sanhi ng kalituhan para sa mga hindi pa bihasa sa wika. wika naman ni T8.

“Yun po naiiba yung pagkaintindi nila sa word pag iba na yung stress na ginamit mo.” (T8, Linya 794)

Ang maling paggamit ng diin sa pagbigkas ng mga salita ay nagdudulot ng pagbabago sa kahulugan nito. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng tamang intonasyon at pagbigkas sa epektibong komunikasyon, lalo na sa mga wikang tonal o may sensitibong sistema ng diin. Ipinahayag naman ni T9.

“Nakakaapekto siya kasi hindi nila maintindihan kung kami teachers hindi naming maintindihan, hindi rin naming mapaintindi sa kanila na itong language na ito iba sa words na nalalakihan nila.” (T9, Linya 36-38)

Ang hamon sa pagtuturo kapag sila mismo ay hindi ganap na nauunawaan ang wika na kanilang itinuturo. Ang kakulangan sa pag-unawa ng mga guro sa partikular na wika ay nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante.

Ang paggamit ng mga salitang hindi pamilyar o hindi aktibong ginagamit sa Flalok Big Books ay may malalim na epekto sa pagpapatupad ng kurikulum. Ayon sa mga kalahok sa pananaliksik, isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng guro ay ang kakulangan sa sapat na kaalaman sa mga terminolohiya o wika na ginagamit sa Flalok Big Books. Sa isang kurikulum, ang pangunahing layunin ay ang paghahatid ng kaalaman mula sa guro patungo sa mag-aaral. Subalit, kapag ang guro ay nahihirapan sa mga terminolohiyang ito, nagiging mahirap para sa kanila na magbigay ng malinaw na paliwanag o gabay sa mga mag-aaral.

Ito ay may direktang epekto sa kalidad ng pagtuturo. Ang pagkaantala sa pagpapaliwanag ng mga terminolohiya ay nagpapabagal sa daloy ng klase, na nagiging sanhi ng pagkawala ng oras na sana ay magagamit sa pagtutok sa iba pang bahagi ng kurikulum. Sa mga ganitong pagkakataon, nawawala ang *momentum* ng talakayan at maaaring mawalan ng interes o konsentrasyon ang mga mag-aaral. Nagkakaroon din ng kalituhan sa pag-unawa ng mga konsepto, lalo na kung hindi agad naikokonekta ang bagong impormasyon sa kanilang dating kaalaman. Bukod dito, ang kakulangan sa agarang pag-unawa sa mga salita o konsepto ay maaaring magdulot ng pangamba sa mga guro na baka hindi sapat ang oras upang maabot ang mga layunin ng aralin, lalo na kung limitado lamang ang itinakdang oras sa klase. Kaya at mahalagang mabigyang suporta ang mga guro sa pagbuo ng mas epektibong estratehiya at kagamitan upang mapagaan ang ganitong suliranin.

Sa pag-aaral nina Cruz at Santos (2023), sinuri ang antas ng kakayahan sa pagbigkas, palatuldikan, at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral. Natuklasan na ang maling paggamit ng diin at intonasyon ay nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan sa kahulugan ng mga salita, na nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon at pagkatuto. Na siya naman pinatunayan sa pag-aaral na ito ni Samarca (2022) ay naglalarawan at nagsusuri sa estruktura ng ponolohiya ng wikang Surigaonon-Cantilan. Bagaman hindi direktang tumatalakay sa wikang Blaan, nagbibigay ito ng mahalagang perspektibo sa mga hamon na kinakaharap sa pag-aaral ng mga katutubong wika sa Pilipinas, lalo na sa mga komplikadong aspeto ng ponolohiya na maaaring magdulot ng kalituhan sa mga hindi pa bihasa na nagdudulot ng kalituhan at hirap sa kanila sa pagintindi ng diyalektong Blaan na walang sapat na kaalaman sa diyalektong Blaan.

**KONKLUSYON**

Malaking hamon sa panahon natin ngayon ang pagpapanatili ng sarili nating pagkakakilanlan maging sa ating kultura, isa sa mga dahilan ay ang pagtangkilik natin sa kultura ng banyaga kung kaya unti-unti nating nakalilimutan ang ating identidad bilang mga Pilipino. Ang Pilipinas ay tinaguriang mayaman sa kultura sa kadahilanang ang ating bansa ay pinamumugaran ng iba't ibang tribu at bawat tribu ay may sari-sariling paniniwala, tradisyon, wika at iba pa. Kaya, hamon ito sa ating mga kapatid na Blaan ang pagpapanatili ng kanilang sariling wika at kultura. Isa sa mga naging hakbang upang mapanatili nila ang kanilang wika at kultura ay pinangunahan ng KafyeBlaan Empowerment, Inc. at ang pangunahing may-akda nito na si Annalie Edday na ilathala ang kanilang nakaugalian na *storytelling* o mas kilala sa tawag na Flalok. Dito ipanapakita ang kanilang mga kuwento na kung saan ay isinulat ng iba't ibang manunulat na Blaan sa iba't ibang lugar ng bayan ng South Cotabato at Sarangani sa tulong ng mga *tribal elders* sa kani-kanilang lugar. Pinaniniwalaan na ang mga nakakatanda sa bawat tribu ay siyang tagapagdala at tagapagtaguyod ng kultura dahil sila ang mas nakakaalam dahil na rin sa kanilang mahabang panahon na iginugul sa pag-aaral at pakikinig sa kanila ring mga ninuno. Habang sila ay nabubuhay pa ay kanilang ipanapasa ang kanilang kaalaman sa susunod pang henerasyon. Upang mapanatili ang ganitong mga kuwento ay kanila itong inilathala gamit ang kanilang sariling wika upang mabasa ng kabataan.

Sa kasalukuyan, ginagamit ito bilang lunsaran ng mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE partikular na sa mga Blaan IP Schools. Ayon sa mga gurong Blaan, malaki ang naitulong nito sa kanilang pagtuturo, Una, dahil natugunan ang mga pangangailang ng mga mag-aaral. Pangalawa, mas nagiging *active* o *participative* ang mga mag-aaral sa kanilang mga klase dahil sa naiuugnay nila ang kanilang mga sarili sa kuwento sapagkat ito ay mga pangkaraniwang nangyayari na sa buhay ng kanilang mga mag-aaral. Pangatlo, madaling maipaliwanag ang mga konseptong itinututro sa mga mga mag-aaral dahil sa mga larawan na nakikita nila sa Flalok Big Books. Panghuli, nakapaghanap sila ng iba't ibang paraan upang madali nilang maipaintindi ang mga salitang di-pamilyar sa kanila at sa mga mag-aaral.

Sa kanilang pagpapatupad ng Flalok Big Books ay mayroon silang mga problemang nakaharap. Ito ay ang pagkakaroon ng baryasyon ng wika sa pagsulat ng Flalok Big Books, may mga salita na ginamit sa Flalok Big Books na hindi nila maintindihan o kaiba ang kahulagan nito sa kanila dahil iba ang pagkakagamit ng salita sa kanilang lugar, subalit, sa tulong ng diksyunaryo, pagsangguni sa mga magulang sa komunidad, at sa tulong ng mga *tribal elders* sa kanilang lugar ay nakakapagtanong sila kung ano ang ibig-ipakahulugan ng mga salita upang lubos nila itong maintindihan at mapaintidi sa kanilang mga mag-aaral.

Sa pagkakalathala ng Flalok Big Books, naipapakita talaga ang pagsalba sa wika at kultura partikular na sa mga Blaan upang mapanatili at masilayan pa ng susunod na henerasyon kung gaano kalawak at kayaman ang mayroon tayong mga Pilipino lalong lalo na ang mga kapatid nating Blaan.

**Mga Rekomendasyon**

Mula sa kinalabasang resulta ng pananaliksik kong ito, nabuo ang mga rekomendasyon:

Para sa Department of Education, maaring tingnan ang mga IP's na mga paaralan dahil walang mga nitibong guro na maaring makapagturo sa kanilang mga MTB-MLE. Sa aking natunghayan sa aking pananaliksik ay inilipat ang mga nitibong guro sa patag na mga paaralan kung kaya ang nangyayari ay hindi na Blaan ang nagtuturo sa MTB-MLE kundi Cebuano na ang kanilang itinuturo.

Para sa Tagapamihala ng paaralan, maging daan sana ang pag-aaral na ito upang palakasin pa ang pagtuturo ng Flalok Big Books sa inyong paaralan. Nangangailangaan ng mga gurong Blaan ang inyong mga paaralan, kaya kailangan ninyong humingi ng mga gurong kayang magturo ng MTB-MLE sa wikang Blaan na siyang magtataguyod sa pagtuturo ng Flalok Big Books.

Para sa paaralang Holy Trinity College nawa ay magsagawa pa ng ganitong pag-aaral dahil sa pamamagitan nito nalalaman ang kayamanan ng ating bansa. Ang pag-alam sa kultura, tradisyon, at wika ng ating mga katutubong tribu sa Pilipinas upang mapagyaman pa natin ang ating kultura, tradisyon, at ang ating wika.

Para sa Conrado Ladislawa Alcantara Foundation Inc. (CLAFI) maaring paramihin ang mga kuwento na kanilang naipalimbag upang mas marami pa ang mga kuwento na mababasa ng kabataang Blaan para sa kanilang lubos na pagkilala sa kanilang kultura at hindi mawala ang dalisay ng kanilang sariling wika. Nawa ay tingnan din ang baryasyon ng wika sa pagsusulat ng Flalok Big Books dahil isa ito sa mga problema na kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books. Ipagpatuloy kung ano ang inyong nasimulan dahil isa ito sa kailangan ng ating bayan ang preserba ang ating sariling pagkakakilanlan.

Para sa mga gurong Blaan, maaring ipagpatuloy ang inyong naumpisahan na pagtuturo gamit ang Flalok Big Books sapagkat malaki ang epekto nito sa buhay n kabataan na siyang humuhubog sa kanilang pagkatao bilang mga Blaan. Huwag sanang pabayaan ang mga paaralan na inyong pinagtuturuan kung saan ang paaralan na ma kabataang Blaan upang hindi maitigil ang pagpapalaganap ng Flalok Big Books. Para naman

sa mga gurong lumipat sa patag nawa ay balikan ang paaralan kung saan kayo nagmula dahil kayo lamang ang siyang inaasahan na magtuturo sa kabataan sa kabundukan dahil sayang lamang ang Flalok Big Books kung walang magtuturo nito sa kanila.

Bilang isang mananaliksik marami akong natutuhan sa pag-aaral na ito, nalaman ko kung gaano kahalaga ang Flalok Big Books para sa mga kapatid nating Blaan nalaman ko rin kung gaano sila kayaman. Kaya, ipagpatuloy nawa ang mga ganitong pag-aaralan upang supurtahan ang kultura at maprotektahan kung ano mayroon sila na ito ay hindi mawala sa ating kabataan kung ano ang kanilang pagkakakilanlan. Para sa iba pang mananaliksik at mga pananaliksik sa hinaharap mas palawigin pa ang inyong kaalaman tungkol sapag-aaral ng Flalok dahil dito magtatapos ang pag-aaral na ito kundi ito ang magiging tulay upang makilala pa ang mga kapatid nating Blaan. Kailangan pa ninyong palalimin kung ano ang aking pag-aaral upang sa ganun ay mapahalagahan ng mga tao kung ano ang kayang ihandog ng mga tribung Blaan. Kayo ang magiging daan sa patuloy napag-unlad ng pagkakakilanlan ng mga katutubong tribu ng ating bansa.

**Talasanggunian**

Almacen , J. E. B., & Labitad, G. F.(2024). Multimedia tools on learners' performance in Filipino. International Journal of Research Publication, 152(1), 631-648

Arjho, (2020). Flalok Big Book Re-printing Project. Galing Foundation, Inc. Mindanao Outreach. https://gfimindanao.blogspot.com/2018/11/flalok-big-book-re-printing-project.html

Charette, R. (2021). Healing, support, empowerment: How language revitalization can mitigate trauma. Tribal College Journal. https://tribalcollegejournal.org

Chen, G., Wang. C., & Kirchner, P.A. (2021). The role of collaboration, computer use, and interaction type in learning. Computers & Eduaction, 126, 389-404. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2018.07.017

Clark, A., & Hall, S. (2020). Using visual media in teaching: Impact on cognitive engagement and learning outcomes. Educational Technology Research, 58(3), 45-76. https://doi..org/10.1007/s11423-020-09773-5

Conrado & Ladislawa Alcantara Foundation Inc. (2024). Flalok Big Books and the preservation of Blaan oral Storytelling: A report on project implementation and outcomes. Conrado & Ladislawa Alcantara Foundation. http://www.clafoundation.org

Cruz, L. M., & Santos, P. D. (2023). Kakayahan sa Pagbigkas, Palatuldikan, at Pag-unawa sa Pagbasa sa Filipino ng mga Mag-aaral. Zenodo. https://doi.org/10.5281/zenodo.13310548

Dela Cruz, M. A. (2021). Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Studies, 9(1), 1-10.

Dela Cruz, S. R. B. (2022). Best practices og language teachers towards professional development: Challenges, changes, and reflections. American Journal of Education and Technology, 1(3), 56-61.

Delve. (2023). What is phenomenological research design? https://delvetool.com

Gatlin, B., & Wanzek, J. (2021). Relations among children's use of dialect and literacy skills: A meta-analysis. Journal of Speech, Language, and Hearing Research, 58(6), 1306-1318. https://doi.org/10.1044/2015 JSLHR-14-0257

Georgitis, N., & Jansen, J. (2021). Placing Indigenous traditional ecological knowledge at the center of our research and teaching. Journal of Folklore and Education.https://jfepublication.org.

Guitart, M.E., Monreal-Bosch, p., Palma, M., & Gonzales-Ceballos,I. (2020). Sustaining students, identification within the context of participatory culture: Designing, implementing, and evaluating an interactive learning activity. Sustainability, 12(12), 4870. https://doi.org/10.3390/su12124870.

Herrmann, A (2020). Affirming culture and cultural identity in the bilingual/ESL classrooms. Frontiers in Education.https://doi.org/10.3389/feduc.2020.00099

Hwang, G.-J., & Chang, H.-F. (2021). Facilitating engaging interactions in mobile learning: Effects of personalized gamification strategy. Educational Technology & Society, 24(2), 35-48.

Kahu, E.R., & Lodge, J. M.. (2020). Student engagement in the educational interface: Understanding the mechanisms of student success. Higher Education Research & Development, 37(1), 58-71. https://doi.org/10.1080.07294360.20.1344197

Mohajan, H. K. (2020) Qualitative research methodology in social sciences and related subjects. Journal of Economic Development, Environment and People, 9(1),23-48.

Samarca, A. Y. (2022). Pagsusuri sa Estruktura ng Ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. Asia Pacific Journal of Social and Behavioral Sciences, 20, 59-75.

Santos, J. R. (2023). Pagsasa-Filipino ng Pagtuturo at Pananaliksik sa Agham Panlipunan: Bahaginan ng Best Practices sa Antas ng Silid-Aralan at Departamento/Kolehiyo. Journal of Social Science Education, 34(2), 123-140. https://doi.org/10.4119/jsse-2345

Tryata. (2023). What is phenomenology qualitative research? Definition, process, and examples. https://trymata.com

Ullah, A., & Anwar, S. (2020). The Effective use of Information Technology and Interactive Activities to Improve Learner Engagement. Educ. Sci., 10(12), 349. https://doi.org/10.3390/educsci10120349

Vale, M. & Barbosa, A. (2020). Active learning strategies for effective mathematics teaching and learning. European Journal of Science and Mathematics Education, 11(3),573-588.

Washington, J.A., Branum-Martin, L., Sun, C., & Lee-Jones, R. (2020). The impact of dialect density on the growth of language and reading in African American children. Language, Speech, and Hearing Services in Schools, 232-247. https://doi.org/10.1044/2018 LSNHSS-17-0047